



***Alameda County, hinihiling ang Pagsusuot ng Mask sa Karamihan ng Pampublikong Lugar Kapag Nasa Loob
(22-02)
MADALAS ITANONG***

Ang Utos

Bakit ibinalik ng Alameda County ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask kapag nasa loob?

Ang Alameda County ay nakakaranas ng bilang ng transmisyon ng COVID-19 nang kasing taas o mas mataas sa anumang bahagi ng pandemya maliban sa Omicron wave noong taglamig. Batid din naming ipinapakita ng mga ulat ng kaso ang bahagi lang ng kabuuang impeksyon dahil hindi naiuulat ang karamihan sa mga positibong pagsusuri sa tahanan, at marami sa mga may sakit na tao ay hindi nagpapasuri. Sa Omicron wave noong taglamig, tinataya namin na 1 sa 4 na impeksyon ang iniulat at posible na kasing kaunti ng 1 sa 8 o mas mababa pa ang kasalukuyang inuulat. Nakakakita kami ngayon ng nadagdagang mga pagkakaospital ng mga taong may COVID-19 dahil sa wave na ito. Makakatulong ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask na mapababa ang mga bilang ng transmisyon at mas mabilis na matapos ang wave na ito para maiwasan ang mas maraming pagkakaospital.

Kailan aalisin ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask?

Aalisin namin ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask kapag may napanatiling pagbaba sa araw-araw na mga ulat ng kaso, gaya ng ipinapakita sa aming [COVID-19 data dashboard](#). Ang aming data ay inisyal para sa nakalipas na 7 araw, at malamang hindi namin aalisin ang pangangailangan na ito batay lang sa inisyal na data maliban kung mayroon kaming iba pang matibay na ebidensya tulad ng data ng wastewater na nagpapakita ng pagbaba sa transmisyon ng COVID-19. Ang masyadong maagang pag-alis ng pangangailangan na ito ay pahihinain ang epekto nito.

Bakit ito ginagawa ngayon ng Alameda County?

Inaasahan namin ang isa sa mga pinakamalalang wave ng mga impeksyon ng COVID-19 na nakita namin sa anumang bahagi ng pandemya. Sa buong wave na ito, sinabi ng Opisyal sa Kalusugan ng Alameda County na magiging posible ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask kung makaranas ang County ng lumalalang malubhang sakit, gaya ng ipinapakita ng nadaragdagang mga pagkakaospital, o kung makakaranas muli ang mga naapektuhang mabuti na komunidad ng hindi proporsyon na pabigat ng sakit. Umiiral ngayon ang parehong kondisyon sa Alameda County. Sa tumataas na bilang ng mga pagkakaospital, kumilos kami para protektahan ang kalusugan ng publiko ng mga residente ng Alameda County. Hindi namin masasabi ang tungkol sa iba pang mga hurisdiksyon pero sa buong pandemya, tinanggap ng mga residente ng Alameda County ang mga hakbang para sa kalusugan ng publiko nang mas matibay kaysa sa marami pang ibang lugar na nagresulta sa aming pag-iwas sa malalang mga epekto ng pandemya.

Bakit hindi kasama ang mga paaralan?

Ang hindi pagsama sa mga K-12 na paaralan na kasalukuyan pa ring nagsasagawa ng session mula sa pangangailangan ng pagsusuot ng mask para sa mga natitirang araw ng taon ng eskuwela na 2021-22 ay maaaring mapahina ang epekto ng hakbang na ito pero ang pagpapatupad ng bagong pangangailangan ng pagsusuot ng mask sa loob lang ng ilang araw sa paaralan ay hindi madali. Sa kabutihang-palad, kalahati ng mga distrito ng paaralan sa Alameda County ay natapos na ang kanilang taon ng eskuwela bago ang bagong pangangailangan ng pagsusuot ng mask, at nananatiling mataas ang paggamit ng mask sa maraming paaralan kahit na hindi ito hinihiling ng state o county. Hinihiling namin ang pagsusuot ng mga mask para sa eskuwela sa tag-init at iba pang mga setting para sa kabataan, ayon sa magagawa. Gusto naming magkaroon ng naibabagay

na pamamaraan ang mga paaralan at tauhan ng paaralan sa pagsusuot ng mask para sa mga bata at sa kanilang mga pamilya.

Anong mga sukatan ang ginamit para gawin ang desisyong ito?

Ginagamit namin ang araw-araw na mga pagkakaospital ng mga taong may COVID-19, kasama ang mga pagkakaospital sa ICU, bilang aming pangunahing pagsukat ng malubhang sakit. Ito ang parehong hakbang na ginamit namin sa buong pandemya at makikita ito sa [aming dashboard](#) na may isang araw na antala. Sa ngayon, may 124 na taong naospital sa County, na tumaas mula sa 97 (28% pagtaas) noong Mayo 31 noong nagpasya kaming magpatuloy sa pangangailangan na ito. Tumaas nang 190% ang mga pagkakaospital dahil sa COVID-19 mula sa pagsisimula ng Mayo. Sinusubaybayan din namin ang karaniwang mga araw-araw na pagkaka-admit sa ospital dahil sa COVID-19 at mga conversion, na tumaas sa 50 mula sa 30 sa pagitan ng Mayo 27 at Hunyo 1. Ginagamit namin ang araw-araw na inuulat na [mga kaso ng COVID-19](#) ayon sa petsa ng episode (karaniwan ay ang petsa kung kailan nagsimula ang sintomas o ang pagsusuri sa laboratoryo) para masundan ang mga trend ng transmision.

Paano isinama sa desisyon na ito ang mga hindi pagkakapantay-pantay dahil sa COVID-19 at pantay na pagkakataong maging malusog?

Sa buong pandemya, ang mga komunidad ng ibang lahi na mas mababa ang kita ay nakaranas ng mga malalang epekto ng mga impeksyon, pagkakaospital at mga pagkamatay. Sinabi namin sa publiko sa panahon ng wave noong tagsibol na isasaalang-alang ang muling pagkakaroon ng mga hindi pagkakapantay-pantay dahil sa COVID-19 sa mga lugar at mga grupong naapektuhan mabuti dati para sa bagong pangangailangan ng pagsusuot ng mask, lalo na kung nakakita kami ng lumalalang malubhang sakit. Ang pagprotekta sa mga komunidad na pinakamahina o kulang sa mga mapagkukunan ay mahalaga sa aming estratehiya sa COVID-19 sa Alameda County.

Ang wave sa tagsibol na ito ay unang sumunod sa ibang pattern na may mas mababang mga bilang ng kaso sa mga grupong ito na naapektuhan mabuti dati, kasama ang mababang kabuuan ng mga pagkakaospital. Gayunpaman, nagbabago ang pattern na iyon, at ipinapakita ng pinakabagong inisyal na data na ang mga Latino ay nakakakita muli ng pinakamataas na mga bilang ng kaso linggo-linggo, 17% mas mataas kaysa sa susunod na pinakamataas na grupo. Masyadong maaga para malaman ang demograpiko ng mga naospital na pasyente dahil iniulat ang mga ito nang may antala.

Bakit walang mga partikular na limitasyon sa sukatan na nakatakda para maipatupad o maalis ang pangangailangan na ito?

Nauunawaan namin kung bakit gusto ng mga tao ng mga partikular na limitasyon para sa mga hakbang na nagti-trigger ng mga aksyon tulad ng pangangailangan ng pagsusuot ng mask na ito. Bagaman matutulungan ng mga limitasyon ang mga tao na malaman kung ano ang dapat asahan, kailangan naming isaalang-alang ang maraming iba't ibang hakbang, kasama ang mga pagkakaospital, mga bilang ng kaso, at kung gaano kabilis magbago ng mga ito kapag kumilos tayo. Ang palaging nagbabagong katangian ng COVID-19 at ang aming mga tool para labanan ito, ay ginagawang mahirap para maagang gumawa ng mga limitasyon na bumabalanse nang naaangkop sa mga salik na ito.

Sa aming karanasan, kahit ang mga limitasyon na maingat na pinili ay nangangailangan ng palaging muling pagsusuri. Kapag nakapagtakda na kami ng limitasyon, napakahirap baguhin ang mga estratehiya, kahit na ginagarantiya ito ng mga kondisyon. Maaari itong magresulta sa mga paghihigpit na ipapatupad nang masyadong maaga o matagal na ipapatupad. Dahil dito, hindi kami nagtakda ng mga limitasyon. Sa halip, simula nang magsimula ang wave na ito, sinabi namin na ang tumataas na bilang ng mga pagkakaospital at ang muling pagkakaroon ng hindi pagkakapantay-pantay ay ang mga kondisyon na posible naming muling ibalik ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask.

Mga Mask at Mga Kinakailangan

Mabisa ba ang mga pangangailangan ng pagsusuot ng mask?

Oo, mabisa ang mga pangangailangan ng pagsusuot ng mask. Ang mga pangangailangan ng pagsusuot ng mask sa county ay iniugnay sa mas mabilis na pagbuti sa mga wave ng COVID-19, at matagumpay na ginamit ng



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

**Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director**

Office of the Health Officer
1100 San Leandro Blvd.
San Leandro, CA 94577

Nicholas J. Moss, MD, MPH
County Health Officer
(510) 267-8000

Alameda County ang mga pangangailangan ng pagsusuot ng mask bilang bahagi ng dinagdagang estratehiya para maiwasan ang malalang mga epekto ng pandemya. Ang COVID-19 ay isang sakit sa baga na naikalat sa hangin, at pinabababa ng de-kalidad at sukat na sukat na mga mask na isinusuot para matakpan ang ilong at bibig ang impeksyon sa lugar na nasa loob. Ang KF94, KN95 o N95 na mga mask ay ang pinakamaganda para sa layuning ito, dahil sa mas mataas na kalidad ng pagsala. Bagaman [nakitang nabawasan ng mga mask ang transmisyon ng COVID-19](#) sa mga grupo kapag nasa loob, maaari pa ring maikalat ang COVID-19 sa kabila ng pangangailangan na ito, lalo na sa mga pribadong lugar o mga lugar kung saan kailangang alisin ng mga tao ang kanilang mga mask, halimbawa para kumain o uminom. Gayunpaman, kung mas maraming magsusuot ng mga mask sa mas maraming lugar, mababawasan natin ang pagkalat ng impeksyon.

Magiging mabisa ba sa Alameda County ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask?

Oo. Nagsuot ng mask ang ating mga residente nang mas madalas kaysa sa karamihan ng iba pang mga lugar sa mga nakaraang wave, umaabot sa 94% iniulat ng sarili na tungkol sa paggamit ng mask sa panahon ng Omicron wave sa data ng online survey. Hinihiling namin sa mga residente ng Alameda County na magsuot muli ng mask para tulungang maprotektahan ang kanilang mga sarili at ang isa't isa. Pagkatapos humupa ang Omicron wave at bago ang pinakabagong pangangailangan, nanatiling mataas ang paggamit ng mask sa Alameda County sa 60-65% sa parehong survey, at ang pinakabagong pangangailangan na ito ay tutulungan na muling dagdagan ang paggamit para limitahan ang pagkalat ng COVID-19.

Bakit kailangang magsuot ng mask ang mga bata?

Maaaring magkaroon ng COVID-19 ang mga bata at maikalat ito sa iba. Ang hindi pagsama sa ating daan-daang libo-libong mga residenteng bata mula sa pangangailangan na ito ay mapipigilan ito mula sa pagkakaroon ng ninanais na epekto. [Patuloy na hinihikayat ng American Academy of Pediatrics ang pagsusuot ng mask sa mga batang mahigit sa 2 taong gulang para maiwasan ang COVID-19 kapag mataas ang transmisyon sa komunidad.](#) Dagdag pa rito, ang pangangailangan ng pagsusuot ng mask sa mga bata ay “kasing praktikal,” na ngangahulugan na pinapayagan ang pag-alis ng mask ng mga bata kapag nasa loob sa ilalim ng utos. Hinihiling lang namin sa mga guro, tauhan, at mga administrator na turuan ang mga mag-aaral at pamilya tungkol sa pangangailangan at suportahan ang mga mag-aaral na magsuot ng mask, pero huwag ipatupad ang pagsunod dito para sa mga hindi makakasunod o hindi gustong sumunod. Ang nasabing responsibilidad ay naglagay ng masyadong maraming strain sa mga tauhan sa edukasyon at mapapahina ang aming layunin na mapanatili sa mga silid-aralan ang mga bata.

Kalagayan ng Pandemya

Ano ang katayuan ng mga iniulat na kaso sa Bay Area?

Para sa Alameda County, ang mga naiulat na kaso mula Mayo 31, Hunyo 1, at Hunyo 2 ay kasamang lahat sa pinakamataas sa isang araw na kabuuan ng kaso na nakita namin sa panahon ng wave sa tagsibol na ito. Inisyal pa ang data na ito, at ang kabuuan ay maaaring mas mataas kapag pinal na. Ang ilan sa mga hurisdiksyon ng Bay Area ay nakakita ng mga pagtaas bago ang Alameda County at maaaring nakakakita ito ngayon ng mga bumabang ulat ng kaso, pero wala pang palatandaan ng walang pagbabago (plateau) sa Alameda County.

Hindi ba naospital ang mga tao dahil sa iba pang mga bagay at nasusuring positibo para sa COVID?

Kasama sa aming mga bilang ng pagkakaospital ang mga taong naospital para sa matitinding sintomas dahil sa sakit na COVID-19 pati rin ang mga naospital dahil sa iba pang mga bagay pero nasuring positibo para sa COVID-19. Totoo ito sa bawat wave, at wala kaming mga aktwal na pagtanya ng pagkakahati ng mga ito. Gayunpaman, ang mga pagtaas sa mga pagkakaospital ay nagpapakita ng mga pagtaas sa parehong mga kategorya ng mga tao, na maaaring humantong sa nakakabahalang nadagdagang pasanin sa ating sistema ng pangangalagang

pangkalusugan. Dahil dito, ang mga taong may COVID-19 na naospital dahil sa iba pang mga dahilan ay dagdag na strain at panganib sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan, dahil maaari nilang maikalat ang COVID-19 sa mga taong mataas ang panganib na magkasakit at nangangailangan ng mas mataas na mga antas ng pag-iingat sa pangangalaga.

Hindi ba nasa mas mababang panganib tayo ng pagkakaroon ng malubhang sakit dahil napakaraming tao ang nabakunahan at nabigyan ng booster?

Marami sa mga residente ang nasa mababang panganib para magkaroon ng malubhang sakit dahil sa pagbabakuna at pagbibigay ng booster, kaligtasan sa sakit mula sa nakaraang impeksyon, at access sa mga paggamot sa COVID-19 pati rin dahil sa katauyan ng kanilang umiiral na kalusugan. Gayunpaman, ang ilang residente ay nananatiling mahina kahit na napapanahon sila sa mga pagbabakuna, at ang aming bilang ng mga kamakailang pagkakaospital at pagkamatay ay magkahalong mga nabakunahan at hindi nabakunahang tao. Kapag ganitong karami ng COVID-19 ang umiikot sa ating mga komunidad, madaragdagan ang bilang ng malubhang sakit kahit na marami tayong antas ng proteksyon sa ating mga residente.

Hindi ba nagkaroon na tayong lahat ng COVID-19? Hindi ba magkakaroon tayong lahat nito?

Tinataya na 56% ng mga taga-California ang nagkaroon ng COVID-19 bago ang katapusan ng Pebrero 2022. Maraming tao ang hindi pa nagkaroon ng COVID-19 bago ang wave na ito, kaya marami sa atin ang nakakabalita ng napakaraming kaso sa ating mga network sa ngayon. Kung walang bakuna na pumipigil sa transmisyon, tayong lahat ay malamang na ma-expose nang maraming beses sa COVID-19 sa ating mga buhay at karamihan kung hindi man lahat ay magkakaroon nito, marahil nang maraming beses. Gayunpaman, kapag nakakakita tayo ng mga pagtaas sa malubhang sakit sa ating mga komunidad, nangangahulugan iyon na mas marami tayong magagawa para masubukang maiwasan ang mga malalang epekto ng COVID-19 at bigyan ang mga tao ng mas maraming pagkakataon para maiwasan ang mga malalang kahihinatnan.

Hindi natin dapat ituring na hindi maiiwasan ang pagkakaospital at pagkamatay. Sa panahon ng masamang flu season ng 2017-18, 1690 tao ang namatay dahil sa flu sa buong state. Simula Enero 1, 2022, sa kabila ng malakawang pagkakaroon ng bakuna, mga booster, at mga medikal na paggamot, 15,024 na mga taga-California ang namatay dahil sa COVID-19.